

Ang Batas Laban sa Karahasan

Batas sa Pagpipigil ng Karahasan sa Pamilya at Proteksiyon sa mga Biktima

Mayroong naitatag na mga Sentrong Sanggunian ng may marahas na asawa at "Support Centers" sa bawat prefecture. Ang mga sentrong ito ay nagbibigay ng pansamantalang proteksiyon para sa mga biktima na nangangailangan ng kalinga at nagbibigay din ng impormasyon at tulong tungo sa kaligtasan at kakayahang magsarili.

Kung kinakailangan, ibibigay ng korte ang utos na pagbawalan ang asawang nandarahas na lapitan ang biktima.

Tinutukoy din sa batas na ito ang lahat ng dayuhan sa Japan, anuman ang nasyonalidad o residence status. At hindi lamang sa mag-asawa, kundi sakop din ang dating asawa, partner, ka-relasyon na kasamang naninirahan o namumuhay at iba pa.



Nakalathala sa website ng Opisina ng Gabinete ng Japan ang "Impormasyon sa Suporta para sa Biktima ng Karahasan mula sa Asawa."

(http://www.gender.go.jp/policy/no_violence/e-vaw/index.html)

Ang mga impormasyon ay nakasulat sa Japanese, English, Spanish, Thai, Tagalog, Korean, Chinese, Portuguese at Russian.

Ano ang mangyayari sa Visa (residence status) kung ako ay makipaghiwalay o magdiborsyo?

- Hindi agad-agad makakansela ang residence status sa kadahilanan ng diborsyo, ngunit pagkatapos ng diborsyo, kinakailangang mag-ulat kaugnay sa asawa sa Imigrasyon (sa loob ng 14 araw) at mag-apply para sa pahintulot upang baguhin ang residence status (sa loob ng 6 na buwan).
 - Pagkatapos ng diborsyo, kung magpapalaki ng anak ninyo ng Hapones, maaaring mag-apply para sa residence status na Long Term Resident (teijusha).
 - Pagkatapos ng diborsyo, kahit wala kayong anak, maaaring mabigyan ng residence status na Long Term Resident ayon sa tagal at kalagayan ng inyong pagiging mag-asawa.
 - Kahit na overstay ka, kapag nakipag-asawa o may anak sa asawang Hapon ay may posibilidad na makakuha ng "special permission for residence" (Permisong Espesyal na Manatili).
- * Mangyari lamang na magkonsulta sa Imigrasyon para sa mga detalye. (Sanggunian ang tanggapang pangkonsultasyon)

- Kung may kakilala kang dumaranas ng karahasan o pang-aabuso ng asawa, pakibigay sa kanila ang impormasyon tungkol sa institusyong pangkonsultasyon
- Kung nais tumawag ngunit hindi makatawag ng mismong tao, mangyari lamang na kayo ang makipag-ugnayan para sa kanya.

Inilathala ng **Gender Equality Promotion Section,
Co-participation Society Promotion Division,
Culture and Citizens Affairs Bureau, City of Kyoto**

Telephone: 075 - 222 - 3091

Kyoto YWCA • APT
2019/4 Limbag ng Lungsod ng Kyoto Bilang 305098

Para sa mga may suliranin at dumaranas ng dahas o pananakit ng kanilang asawa o kinakasama

Walang sinuman ang dapat magtiis sa karahasan o pananakit, maging ito ay mula sa asawa man o kinakasama.

Huwag magtiis.
Humingi ng saklolo.



Lungsod ng Kyoto

Huwag magtiis, sumangguni sa amin.

Gusto mong umalis sa inyong bahay ngunit hindi mo alam kung saan ka pupunta, o kaya'y natatakot na mahuhuli rin kung tumakas man. Baka naman ikaw ay nagtitiis para sa kapakanan ng inyong mga anak.

Ngunit kung mag-isa kang nananatiling nagtitiis hindi magbabago ang sitwasyon at maaaring lalo pang lumala ang dahas.

Hindi lang pisikal na karahasan ang karahasan. May iba't ibang anyo ang karahasan tulad ng hindi pagtulong sa pag-renew ng residence status, pananakot na mahuhuli kapag tumakas, panghahamak ng pag-iisip o kaugalian, at iba pa.

Kapag ang isang tao ay patuloy na inaabuso, madalas itong nagdudulot ng panghihina, kawalan ng pag-asa, tiwala sa sarili, ng ganang mabuhay at kakayahang magpasiya at magdesisyon.

Kung gusto mong tumakas, huwag mag-atubiling humingi ng payo.



Liban sa Batas Laban sa Karahasan sa Loob ng Pamamahay, mayroon ding mga batas at sistema upang mabigyang proteksiyon at matulongang magsarili. Magkonsulta sa mga tagapayo na galing sa institusyon at organisasyong propesyonal upang makakuha ng wastong impormasyon.

Mga organisasyon na may kaalaman tungkol sa karahasan sa pagitan ng mag-asawa o magkasintahan (DV-domestic violence) at mga natatanging problema ng mga dayuhan.

* Ang ibang organisasyon ay hindi eksperto sa DV.

* Kailangan ng appointment para sa konsultasyong may markang ★. * Maaaring magbago ang nilalaman ng talaang ito. (Konsultasyon sa Dayuhang Wika)

Organisasyon	Tel. No	Wikang ginagamit	Araw at Oras na Bukas		Paraan ng pagkonsulta	Problemanag pinangangasiwaan
Kyoto YWCA • APT (Asian People Together)	075-451-6522 (apt@kyoto.ywca.or.jp)	Thai, Filipino, English, Chinese	Lunes	13:00-16:00	Telepono Personal na pagpunta ★	Iba't-ibang problema ng mga dayuhan, DV
			Huwebes	15:00-18:00		
Kyoto International Community House	075-752-3511 075-752-1166	English, Korean, Chinese, at iba pa	Araw-araw (maliban sa Lunes (ngunit bukas sa Lunes kung ito ay araw ng holiday, at magsasara sa susunod na araw na hindi holiday), katapusan at simula ng taon) 9:00-21:00 (oras ng pagbukas)		Telepono Personal na pagpunta ★	Mga problema at katanungan ng mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay
		English, Chinese * Para sa ibang wika maliban sa English at Chinese, kailangan magtakda ng oras	Sa patakaran, una at pangatlong Sabado ng bawat buwan (maliban sa katapusan at simula ng taon) Konsultasyon tungkol sa batas, konsultasyon tungkol sa proseso sa Immigration 13:30-16:00		Personal na pagpunta ★	Konsultasyon tungkol sa batas, proseso sa Immigration
		Translation para sa konsultasyon tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa proseso sa gobierno * Translation service at konsultasyon sa telepono kung saan na-i-uugnay ang dayuhan at ang pampublikong ahensya ng pamahalaan tulad ng ward office (kuyaku-sho)	English: Martes at Huwebes 9:00-17:00 Chinese: Miyerkules at Biyernes 9:00-17:00 (maliban sa katapusan at simula ng taon)	Telepono	Translation at konsultasyon sa telepono tungkol sa mga problema at katanungan ng mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay	

(Konsultasyon sa Wikang Hapon)

Organisasyon	Tel. No.	Araw at Oras na Bukas		Paraan ng pagkonsulta	Problemanag pinangangasiwaan	
Kyoto-shi DV Soudan Center (Kyoto City DV Consultation and Support Center)	075-874-4971	Lunes hanggang Sabado (maliban sa holiday, katapusan at simula ng taon) 9:00-17:15		Telepono Personal na pagpunta ★	DV	
Kyoto-fu Katei Shien Sogo Center (Kyoto Prefectural Family Support Center, Kyoto Prefecture Spousal Violence Counseling and Support Center)	075-531-9910	Araw-araw 9:00-20:00		Telepono	DV, iba't-ibang problema ng mga kababaihan	
		Lunes hanggang Biyernes (maliban sa holiday, katapusan at simula ng taon) 9:00-19:00		Personal na pagpunta ★		
Kyoto-shi Danjo Kyodo Sankaku Center (Kyoto City Men and Women's Joint Participation Center, Wings Kyoto)	075-212-7830 075-277-1326	[Pangalahatang Konsultasyon] (maliban sa holiday, katapusan at simula ng taon)	Lunes, Huwebes, Biyernes, Sabado 11:00-18:30 Martes 11:00-20:00	Telepono Personal na pagpunta ★	Karahasan laban sa kababaihan, iba't-ibang problema ng mga kababaihan (relasyon ng mag-asawa, sex, kalusugan, etc.)	
		[Konsultasyon para sa karahasan sa mga kababaihan]	Kailangan ng appointment			Personal na pagpunta ★
		[Konsultasyon tungkol sa batas]	Kaiangan ng appointment Una at pangatlong Biyernes ng bawat buwan 13:30-16:00			Personal na pagpunta ★
Kyoto-fu Danjo Kyodo Sankaku Center (Kyoto Prefecture Men and Women's Joint Participation Center, Rara Kyoto)	075-692-3437	Konsultasyon sa telepono tungkol sa DV para sa mga kalalakihan Ika-2 at Ika-4 na Martes (maliban sa holiday) 19:00-21:00 *Tumatanggap ng konsultasyon hanggang 20:30	Lunes at Martes 10:00-12:00, 13:00-19:00 Huwebes, Biyernes, Sabado 10:00-12:00, 13:00-18:00 (maliban sa holiday)	Telepono Personal na pagpunta ★	Iba't-ibang problema ng mga kababaihan	
		(Konsultasyon tungkol sa batas para sa mga kababaihan)	Ika-2 at Ika-4 na Huwebes (maliban sa holiday, katapusan at simula ng bagong taon) 13:30-16:30	Personal na pagpunta ★	Diborsyo, pagmamana ng ari-arian, pinansyal na problema, atbp.	

(Immigration, Police)

Organisasyon	Tel. No.	Wikang ginagamit	Araw at Oras na Bukas	Paraan ng pagkonsulta	Problemanag pinangangasiwaan
Osaka Regional Immigration Bureau, Kyoto Branch Office	075-752-5997	Japanese, English	Lunes hanggang Biyernes (maliban sa holiday, katapusan at simula ng taon) 9:00-12:00, 13:00-16:00	Telepono Personal na pagpunta	Proseso sa pananatili e visa (maliban sa overstay)
Kyoto Prefectural Police General Consultation Center (Kyoto Prefectural Police Headquarters)	075-414-0110 o di kaya # 9110	Japanese	Lunes hanggang Biyernes (maliban sa holiday, katapusan at simula ng taon) 9:00-17:45	Telepono Personal na pagpunta	DV (DV (karahasan pisikal))
Tagapagsangguni at mga prefectural police station	Bawat police station		(Tumawag sa 110 sa oras ng emergency)		

<Libre. Aalagaan ang inyong privacy>
Kung may emergency, tumawag lamang sa 110